

# Pagpapabakuna para sa COVID-19



Naging mahirap ang pagsugpo sa pandemya, pero ngayon ay mayroon na tayong mga bakuna para protektahan tayo mula sa COVID-19.



## Ang bakuna ay ibinibigay nang walang bayad.

Sasagutin ng pederal na pamahalaan ang gastos para sa iyong bakuna. Maaaring humingi ang mga provider ng singil para sa pagbibigay ng bakuna, pero malamang na sasaklawin ito ng insurance sa kalusugan. Tatanggalin ng mga provider ang singil kung hindi mo ito kayang bayaran.



## Tanungin kung ilang dosis ang kailangan mo.

Depende sa kung anong bakuna ang matatanggap mo, maaaring kailangan mo ng 1 hanggang 3 dosis. Alamin sa iyong provider ng medikal na serbisyo kung ilang dosis ang maaaring kailangan mo at ng iyong anak. Maaaring kailangan mo rin o ng iyong anak ng booster na dosis, 2-6 buwan pagkatapos makumpleto ang pangunahing serye.



## Ligtas at epektibo ang mga bakuna.

Ang lahat ng bakuna ay ganap na inaprubahan o inawtorisahan para sa pang-emergency na paggamit ng U.S. Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S.)—na ang ibig sabihin ay walang nakita ang FDA na malubhang alalahanin sa kalusugan.



## Puwedeng makakuha ng bakuna ang sinumang 6 buwang gulang pataas.

Available ang bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng taong 6 buwang gulang pataas. Bisitahin ang [VaccineLocator.doh.wa.gov](https://www.vaccineLocator.doh.wa.gov) para maghanap at mag-iskedyul ng appointment. Pwede ka ring tumawag sa 1-800-525-0127 at pindutin ang #. Para sa mga serbisyo para sa pagsasalin, sabihin ang iyong wika kapag sinagot ang tawag.



## Maaari kang makaramdam ng mga hindi magandang epekto o side effect.

Gaya ng iba pang karaniwang bakuna, maaari kang magkaroon ng pananakit ng braso, lagnat, sakit ng ulo, o kapaguran pagkatapos magpapabakuna. Mga palatandaan ito na gumagana ang bakuna.



## Manatiling ligtas.

Pagkatapos mong mabakunahan, isuot ang iyong mask, panatilihin ang layo na anim na talampakan (dalawang metro) sa ibang tao, at panatilihin maliit ang mga pagtitipon.

May mga tanong? Bisitahin: [www.CovidVaccineWA.org](https://www.CovidVaccineWA.org)

# Pagpapabakuna para sa COVID-19

## Anong mga bakuna ang mayroon?

4 bakuna ang available – Pfizer, Moderna, Novavax, at Johnson & Johnson.

Ang lahat ng bakuna ay ganap na inaprubahan o inawtorisahan para sa pang-emergency na paggamit ng U.S. Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S.)—na ang ibig sabihin ay walang nakita ang FDA na malubhang alalahanin sa kalusugan.

## Sino ang dapat kumuha ng bakuna sa COVID-19?

Nasa iyo ang desisyon kung kukunin mo ang bakuna. Kung napagpasiyahan mong kunin ito, dapat mong sabihin sa iyong provider ng bakuna kung ikaw ay:

- Mayroong kasaysayan ng pagkakaroon ng malalang allergic reaction
- Mayroong lagnat
- Mayroong sakit na nauugnay sa pagdurugo o mayroon kang mga iniinom o ginagamit na gamot na pampanipis ng dugo
- May mahinang immune system o kung umiinom o gumagamit ka ng gamot na nakakaapekto sa iyong immune system
- Buntis, nagpaplanong mabuntis, o nagpapasuso
- Nakatanggap ng iba pang bakuna sa COVID-19

Hindi mo dapat kunin ang bakuna kung nagkaroon ka ng malalang allergic reaction sa dating dosis ng bakuna sa COVID-19 o anumang sangkap na nasa bakuna

Ang mga bakuna ay may lamang aktibong sangkap na messenger RNA (mRNA), na may kasamang taba, asin, at asukal na nagpoprotekta sa bakuna at tumutulong para gumana ang mga ito nang mas mabisa sa katawan.

Dapat ay hindi bababa sa 6 buwan ang edad mo para makuha ang bakuna ng Pfizer-BioNTech o Moderna, 12 taon pataas para makuha ang bakuna ng Novavax, at 18 taon pataas para makuha ang bakuna ng Johnson & Johnson.

## Ano ang mga hindi magandang epekto o side effect?

Karaniwan na magkaroon ng mga hindi magandang epekto isa o tatlong araw pagkatapos makuha ang bakuna. Ang mga karaniwang hindi magandang epekto ay kapaguran, pananakit ng kalamnan o muscle, pananakit sa braso kung saan ka tinurukan, lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng kasukasuan, pangingingin, pagduruwal, o pagsusuka. Kung hindi nawawala ang iyong mga sintomas, makipag-ugnayan sa iyong doktor o klinika.

Dapat kang maghintay nang 15 hanggang 30 minuto bago umalis sa lugar para sa pagpapabakuna upang matulungan ka ng iyong provider ng bakuna kung sakaling magkaroon ka ng allergic reaction o iba pang hindi magandang epekto. Habang naghihintay ka, maaari kang mag-sign up para sa v-safe para iulat ang anumang hindi magandang epekto: [v-safe.cdc.gov](https://v-safe.cdc.gov) (sa wikang Ingles lamang).

Maaari ding iulat mo o ng iyong provider ng bakuna ang mga hindi magandang epekto sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS, Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Epekto ng Bakuna): [vaers.hhs.gov/reportevent.html](https://vaers.hhs.gov/reportevent.html) (sa wikang Ingles lamang).

**Tumawag sa 911 kung mayroon kang allergic reaction pagkatapos mong umalis sa klinika.** Kasama sa mga palatandaan ng allergic reaction ang: kahirapan sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na tibok ng puso, hindi mabuting pagpapantal sa buong katawan mo, pagkahilo, at panghihina.

## Ano ang mangyayari pagkatapos kong mabakunahan?

**Kung ikaw o ang iyong anak ay nakakuha ng bakunang may 2 o 3 dosis, magpa-appointment para sa iyong (mga) susunod na dosis.** Kailangan mong bumalik pagkaraan ng 3-8 linggo para tanggapin ang iyong (mga) susunod na dosis. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa schedule ng bakuna, pumunta sa [doh.wa.gov/covidbooster](https://doh.wa.gov/covidbooster).

Aabutin nang hanggang dalawang linggo pagkatapos ng kumpletong pagpapabakuna para magkaroon ng buong proteksiyon. Inirerekomenda rin ang pagkuha ng booster na dosis pagkalipas ng dalawa hanggang anim na buwan upang mapanatili ang iyong proteksiyon.